
2

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagpapahayag ng Sariling Kaisipan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_MTB2_MODULE 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Pagpapahayag ng Sariling Kaisipan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Sheilah S. Fernandez

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

**Tagaguhit:** Geraldine A. Pardillo, Karen D. Romero

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong
Librada M. Rubio
Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca
Merlinda T. Tablan
Ellen C. Macaraeg
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagpapahayag ng Sariling Kaisipan

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.


Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapahayag ng iyong sariling kaisipan sa pamamagitan ng paggawa ng poster (hal. karakter profayl, mga balita, mga nawawalang gamit) gamit ang mga kuwento bilang lunsaran.
MT2C-Ia-i-1.4

## *Subukin*

<u>Panuto</u>: Iugnay ang mga sumusunod na paksa sa hanay A sa angkop na poster sa hanay B. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1.  | A. Wastong Nutrisyon |
| 2.  | B. Pagdiriwang ng Pasko |
| 3.  | C. Araw ng Pagtatapos |

4. 


D. Pagpapahalaga sa Pambansang Wika

5. 

E. Pangangalaga sa kapaligiran

# Aralin 1 Pagpapahayag ng Sariling Kaisipan

Bawat isa ay maaaring makapagpahayag ng kaniyang kaisipan o saloobin sa iba't ibang paraan. May mga lumilikha ng awit, tula, kuwento, pinta o guhit upang mas madaling maunawaan ang mensaheng kanilang ibig ipabatid. Ang isa pa sa mga paraan upang magpahatid ng impormasyon na karaniwang ginagamit din natin ay ang paggawa ng mga poster.

## Balikan

Panuto: Basahin ang talata at piliin ang mga kaisipang maglalarawan sa mga paksang nasa kahon.

Masarap tumira sa Barangay Mapayapa. Tahimik ang paligid. Payapa ang mga taong naninirahan dito at may sariwang hanging nalalanghap.

Nagkakaunawaan ang mga nakatira dito. Madalas silang nagtutulungan sa iba't ibang proyekto para sa katahimikan at kaunlaran ng kanilang barangay.

| Barangay Mapayapa |
|---|

________________________________________________

| Mga Nakatira sa Barangay |
|---|

________________________________________________

## Tuklasin

Basahin ang kuwento at sagutan ang mga tanong.



### Ang Batang Maraming Katangian

Sheilah S. Fernandez

Si Juan ay sampung taong gulang na bata. Maaga siyang gumigising upang tulungan ang kanyang mga kapatid na maghanda sa pagpasok sa paaralan. Nagdarasal siya pagkagising at pagkatapos nililigpit niya ang kanyang higaan.

Bago pumasok sa paaralan, nagmamano at nagpapaalam siya sa kanyang mga magulang. Sa paaralan, pinagbubuti niya ang kanyang pag-aaral.

Aktibo siya sa oras ng talakayan at paggawa ng gawain.

Nagbibigay siya ng pagkain sa mga kaklaseng walang baon. Sa hapon, sabay-sabay silang umuuwi ng kanyang mga kapatid dahil iyon ang bilin ng kanilang ina.

Mga Tanong:

1. Sino ang batang may maraming katangian?
2. Ano-ano ang mga katangiang nagpapakilala kay Juan?
3. Anong katangian ang gusto mong tularan kay Juan? Bakit?
4. Paano nagpapaalam si Juan sa kanyang magulang bago pumasok ng paaralan?
5. Igawa mo ng karakter profayl si Juan. Isulat mo ang kanyang mga katangian gamit ang talaan sa ibaba.

## Ang Karakter Profayl ni Juan

Unang katangian: ______________________________

Pangalawang katangian: ______________________________

Ikatlong katangian: ______________________________

Ikaapat na katangian: ______________________________

Ikalimang katangian: ______________________________

## *Suriin*

Upang higit mong maunawaan ang aralin, kilalanin mo kung ano ang poster at karakter profayl. Paano mo maipapahayag ang iyong kaisipan gamit ang mga ito?

Ang **poster** ay iginuhit na larawan na nagpapahayag ng impormasyon o kaisipan. Karaniwang ginagamitan ito ng iba't ibang hugis, kulay at simbolo upang mas maging maganda ang paglalarawan ng impormasyon, kaisipan at maging ang damdamin ng gumawa nito.

Ang **karakter profayl** ay ang paglalahad ng mga impormasyong nagpapakilala sa isang tao o tauhan. Ang mga mahahalagang impormasyon ay maaaring maitala dito ay pangalan, edad, katangian, mga nais, mga libangan, at iba pa.

Mahalaga na nauunawaan mo ang mensahe ng isang kuwento, larawan o impormasyon upang maipahayag mo ang iyong kaisipan tungkol dito.


**Mga Dapat tandaan sa Paggawa ng Poster**

1. Ipakita nang maayos ang ugnayan ng lahat ng konsepto.
2. Gawing maliwanag at angkop ang paglalarawan sa konsepto.
3. Siguraduhing orihinal o sariling ideya ang gagawing poster.
4. Sikaping maging malinis at maayos ang kabuuan.
5. Gumamit ng tamang mga kulay.

# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

<u>Panuto</u>: Gamit ang kuwento ni Juan, gumawa ng poster sa iyong sagutang papel. Sundan lamang ang pattern sa ibaba bilang batayan.



## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Gumawa ng poster sa iyong papel tungkol sa ugali ng isang mabuting mag-aaral. Gamitin ang mga katangian sa kuwento bilang gabay.

### Huwarang Mag-aaral

Sheilah S. Fernandez

Si Daniel ay tinaguriang isang huwarang mag-aaral. Masigasig sa pag-aaral dahil laging mataas ang kanyang mga marka. Kusa siyang naglilinis ng kanilang silid – aralan pagkatapos ng klase.

Tuwing makakasalubong siya ng mga guro, nagmamano at tinutulungan niya ang mga ito sa pagdadala ng kanilang kagamitan. Binibigyan niya ng baon ang mga kaklase na kapus-palad. Tinutulungan din niya ang mga kaklaseng nahihirapan sa paggawa ng kanilang takdang-aralin. Hindi siya nakikipag-away o nakikipag-tuksuhan sa kanilang paaralan. Siya ay isang tunay na huwaran.

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Gumawa ng poster na nagpapakita ng pasasalamat sa mga gurong katulad ni Bb. Marita. Ipakita sa poster kung bakit mo siya itinuturing na bayani.

Si Bb. Marita ay isang guro. Kahit puyat ay maaga siyang gumigising upang maghanda sa pagpasok sa paaralan. Nagdadala siya ng maraming biskuwit, mga gamit sa pag-aaral, at ilang damit upang ipamahagi sa mga mag-aaral na nangangailangan. Kapag may

nasusugatan sa mga bata, siya rin ang gumagamot dito. Pinapayuhan niya ang kanyang mga mag-aaral tungkol sa pagiging isang mabuting bata. Pag-uwi sa tahanan, ginagawa niya ang mga kagamitang panturo na gagamitin kinabukasan.



## Guro Ko, Bayani Ko!

### Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Batay sa kuwento igawa ng karakter profayl si Boyet. Gamitin ang detalye sa kahon bilang gabay.

**Bata pa si Boyet**

Si Boyet ay pitong taong gulang na bata. Tuwing Sabado, lagi siyang naglalaro sa labas ng kanilang tahanan kasama ang kanyang mga kaibigan. Magaling umawit si Boyet at marunong siyang tumugtog ng gitara. Pag-uwi niya, nagpapatimpla siya ng *orange juice* sa kanyang ina sapagkat paborito niya ito. Pagkatapos ay manonood siya ng telebisyon hanggang sa makatulog at makapagpahinga.

## Ang Karakter Profayl ni Boyet

Pangalan: ________________________

Edad: ________ Kasarian: _____

Mga Hilig: ________________________

________________________

________________________



## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Pumili ng isang larawan na nagpapakita ng pagiging mabuting bata. Ipakita sa pamamagitan ng poster ang sariling kaisipan tungkol sa napiling larawan




Pagbibigay



Pagbabasa



Paggalang



Pakikinig

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Gumawa ng poster na nagpapakita ng pagkakaiba ng katangian ni Tess noong siya ay sanggol pa lang at ngayong siya ay nag-aaral na. Gamitin ang larawan sa ibaba bilang gabay.

### Nagbago na si Tess

Sheilah S. Fernandez

Noong sanggol pa lamang si Tess, siya ay iyakin. Madalas siya ay tulog. Gatas at malalambot na pagkain lamang ang kanyang nakakain. Gustong-gusto niyang gumapang sa kanilang sala at maglaro. Lagi rin siyang nadarapa sa tuwing nagpipilit siyang tumayo at lumakad.

Ngayon ay nasa ikalawang baitang na si Tess. Kaya na niyang pumasok mag-isa sa paaralan. Siya na rin ang nagtitimpla ng iinuming gatas. Kaya na rin niyang kumain ng iba't ibang uri ng pagkain. Mag-isa siyang nag-aaral. Sa katunayan, nakatutulong na siya sa pag-aalaga ng kanyang kapatid na sanggol.

| | |
|---|---|
| Iguhit si Tess noong siya ay sanggol pa lang at ang mga bagay na ginagawa niya. | Iguhit si Tess ngayong siya ay nasa ikalawang baitang na at ang mga bagay na ginagawa niya. |

## Malayang Pagsasanay 2


Panuto: Gumawa ng sariling poster ayon sa iyong sagutang kuwento sa ibaba.

Isang araw, naglalakad ka pauwi sa inyo nang bigla mong natapakan ang isang nakabalot na bagay. Nang buksan mo, ito ay isang maliit na bag na may lamang pera sa loob. Gusto mo itong isauli ngunit hindi mo kilala ang may-ari.

Batay sa sitwasyon, gumawa ng poster upang mahanap mo kung sino ang nagmamay-ari ng napulot mong bag.

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Mula sa larawan at teksto, gumawa ng poster sa iyong sagutang papel hinggil sa isang babala sa pagtatapon ng basura sa mga ilog, kanal, sapa at lawa.



## Polusyon sa Katubigan

Sheilah S. Fernandez

Ang pagtatapon ng basura sa mga ilog at iba pang anyong tubig ay isang masamang gawi at nagbubunga ng polusyon. Maaari itong maging sanhi sa pagkamatay ng mga isda na nakatira dito. Ito rin ay magdudulot ng pagkalason sa tubig. Bukod pa rito, ang mga kemikal mula sa mga basurang itinapon ay kakalat sa tubig at magiging sanhi ng maraming sakit. Nalalason ang mga anyong tubig kung kaya hindi na rito naglalagi ang mga lamang dagat. Dapat nang itigil ang pagtatapon ng basura sa lahat ng anyong tubig.

## *Isaisip*

Mula sa araling tinalakay, isulat ang angkop na salita sa mga patlang upang mabuo ang kaisipan. Piliin ang salita sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Ang ______________ ay isang iginuhit na _________________ na nagpapahayag ng impormasyon o kaisipan.

Ang paggawa ng poster ay isang mabisang o malikhaing paraan ng pagpapahayag ng sariling _______.

Ang _________________________ ay ang paglalahad ng mga mahahalagang ___________________ nagpapakilala sa isang tao o tauhan.

| | |
|---|---|
| kaisipan | impormasyong |
| poster | malikhain |
| karakter profayl | larawan |

## *Isagawa*

Panuto: Gumawa ng poster sa iyong sagutang papel na nagpapakita ng mga paraan upang mapigilan ang pagbaha. Kulayan ito

Ang barangay nina Onyok ay agad na binabaha kahit kaunti lamang ang ulan. Lagi silang naaapektuhan dahil nahihirapan silang pumasok sa eskuwela at kinakailangan nilang itaas ang kanilang mga kagamitan. Nagsimula ito noong putulin ang mga puno sa kanilang barangay upang mapalawak ang mga kalsada.

Isang araw, napansin niyang punong-puno ng mga plastik at iba pang basura ang kanilang estero kaya hindi makadaloy ang tubig dito. Naisip ni Onyok na bukod sa kawalan ng puno na sisipsip sa tubig ulan, ang isa pa ring sanhi ng pagbaha ay ang mga barado nilang estero.

# Tayahin

Panuto: Bumuo ng sariling poster sa iyong sagutang papel tungkol sa mensaheng hatid ng kuwento. Kulayan ito.

Si Mark ay anak ng isang doktora at sundalo. Ang kanyang ama ay nagbabantay sa mga "*checkpoint*". Ang kanyang ina naman ay naggagamot sa mga taong nadapuan ng sakit. Ang mga magulang niya ay hindi nakauuwi sa kanilang tahanan dahil sila ay nagseserbisyo bilang "*front liners*". Laging kinukumusta ni Mark ang kanyang mga magulang dahil hindi niya mapigilang mag-alala sa kanilang kalusugan. Ipinagmamalaki ni Mark ang kaniyang mga magulang dahil kasama silang lumalaban sa Covid-19.

# Karagdagang Gawain

Panuto: Pumili ng isang paksa mula sa mga kahon sa ibaba. Gumawa ng poster sa iyong sagutang papel tungkol dito at kulayan.

| |
|---|
| Mahalin at Alagaan ang mga puno |
| *Recycling* at Paghihiwalay ng mga Basura |
| Iwasan ang *Bullying* |

# Susi sa Pagwawasto

<table>
<tr>
<td>Subukin<br>1. D<br>2. A<br>3. B<br>4. C<br>5. E</td>
<td>Balikan<br>A.Masarap tumira dahil payapa.Malinis ddahil sariwa ang hangin<br>B.Nagtutulungan at nagkakaunawaan ang mga nakatira dito.</td>
<td>Tuklasin<br>1. Si Juan<br>2. Matulungin, makadiyos, Magalang,Masunurin at mapagbigay<br>3. Mabuting bata, Disiplinado<br>4. nagmamano at nagpapaalam siya sa kanyang mga magulang..</td>
<td>Tuklasin<br>Ang Karakter Profayl ni Juan<br>• Matulungin<br>• Makadiyos<br>• Magalang<br>• Masunurin<br>• Mapagbigay</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="4">Pagyamanin</td>
</tr>
<tr>
<td>Pinatnubayang Pagsasanay 1<br>Suriin at itama ang ginawang poster.
<table>
<tr><td>Pamantayan</td><td>Mahusay 5 puntos</td><td>Kainaman 4 puntos</td><td>Sakto lang 3 puntos</td></tr>
<tr><td>Malinaw na naipahayag ang sariling kaisipan sa poster</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Naipakita ang pagiging malikhain</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Pinatnubayang Pagtatasa 1<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
<td>Pinatnubayang Pagsasanay 2<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
<td>Pinatnubayang Pagtatasa 2<br>Suriin at itama ang ginawang karakter profayl.</td>
</tr>
<tr>
<td>Malayang Pagsasanay 1<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
<td>Malayang Pagtatasa 1<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
<td>Malayang Pagsasanay 2<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
<td>Malayang Pagtatasa 2<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
</tr>
<tr>
<td>Isaisip<br>poster<br>larawan<br>kaisipan<br>karakter profayl<br>impormasyon.</td>
<td>Isagawa<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
<td>Tayahin<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
<td>Karagdagang Gawain<br>Suriin at itama ang ginawang poster.</td>
</tr>
</table>

# *Sanggunian*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph